



PATNUBAY SA MISA



15 Setyembre 2019

Ika-24 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon K

Ang Awa Bilang Kahinaan ng Diyos

Tayo ay nagdiriwang ng Ikadalawampu't Apat na Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang ating mga pagbasa ay nakatuon sa dakilang awa at walang hanggang pag-ibig ng Diyos. Ang isang taong nasaktan ay madalas nagmamatigas. Ilang ulit na natin narinig ang mga salitang: “Hindi ko siya mapapatawad habang ako’y nabubuhay!”

Ngunit ang mga salitang ito kahit kailan ay hindi binitiwang ng Diyos. Hindi Niya kayang magmatigas sa isang taong nakasakit sa Kaniya, subalit lubusang nagsisisi at humihingi ng tawad. Ang awa ng Diyos ang Kanyang kahinaan. Mahina Siya sa taong nagbabalik-loob sa Kaniya.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapayapa’y ibigay sa bayan mong naghihintay upang iyong patunayang propeta’y maaasahan. Dalangin nami’y pakinggan.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang puno ng awa, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Tayo ay binibigyan ng Panginoon ng biyayang magsisi at makapagbagong-buhay. Para sa ating pagwawalang-bahala sa handog na ito, humingi tayo ng tawad. (Manahimik sandali.)

P–Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong walang hanggang awa para sa aming mga makasalanan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kawalan ng pag-asa sa pagpapatawad na iyong

iniaalay upang mabago ang aming buhay, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming pagmamahal sa iyong hindi namin kayang panindigan at pangatawanan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng

Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, ikaw ang Lumikha at Tagapamahala ng tanang umiiral. Tunghayan mo kami upang ang iyong awa ay aming maranasan at ipagkaloob mong ikaw ay aming wagas na mapaglingkuran sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Exo 32:7-11.13-14*

Ang unang utos ng Diyos ang nilabag ng mga Israelita dahil iginawa nila Siya ng isang rebulto sa hugis ng isang guyang ginto. Malaki ang naging galit ng Diyos. Ngunit ito ay naglubag nang namagitan si Moises, ang lingkod ng Panginoon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Exodo

Noong mga araw na iyon, sinabi ng Panginoon kay Moises, “Balikan mo ngayon din ang mga Israelitang inialis mo sa Egipto, naroon at nagpapakasama. Tinalikdan nila agad ang mga utos ko. Gumawa sila ng guyang ginto. Iyon ang sinasamba nila ngayon at hinahandugan. Ang sabi nila’y iyon ang diyos na nag-alis sa kanila sa Egipto.

Kilala ko ang mga taong iyan at alam kong matigas ang kanilang ulo. Kung gusto mo, lilipulin ko sila at sa iyo ko pagmumulain ang isang malaking bansa.”

Nagsumamo si Moises sa Panginoon: “Huwag po! Huwag ninyong lilipulin ang mga taong inialis ninyo sa Egipto sa pamamagitan ng inyong kapangyarihan. Alalahanin ninyo ang mga lingkod ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob. Ipinangako ninyo sa kanila na ang lahi nila’y pararamihing tulad ng mga bituin sa langit at magiging kanila habang panahon ang lupang ipinangako ninyo.”

Hindi nga itinuloy ng Panginoon ang balak na paglipol sa mga Israelita.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 50*

B—Babalik ako sa Ama, pagkat ako’y nagkasala!

R. M. Velez

Musical notation for the hymn. The first line shows a treble clef, 4/4 time signature, and a key signature of one flat (Bb). The melody is written on a staff with notes and rests. Chords are indicated above the staff: Dm, F, Bb, and Am. The lyrics are: Ba-ba--lik a---ko sa A---ma, pag-

The second line continues the melody. Chords are indicated above the staff: Bb, C7, and F. The lyrics are: kat a---ko'y nag-ka--sa--la!

* Ako’y kaawaan, O mahal kong Diyos, sang-ayon sa iyong kagan-dahang loob; mga kasalanan ko’y iyong pawin, ayon din sa iyong pag-ibig sa akin! Linisin mo sana ang aking karumhan at ipatawad mo yaring kasalanan! **B.**

* Isang pusong tapat sa aki’y lik-hain, bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin. Sa iyong harapa’y h’wag akong alisin; ang Espiritu mo ang papaghariin. **B.**

* Turuan mo akong makapagsalita, at pupurihin ka sa gitna ng madla. Ang handog ko, O Diyos, na karapat-

dapat ay ang pakumbaba’t pusong mapagtapat. **B.**

Ikalawang Pagbasa *1 Tim 1: 12-17*

Malaki ang awang ipinakita ng Diyos kay San Pablo. Ang kanyang pag-uusig sa mga unang Kristiyano ay pinatawad at kinalimutan ng Diyos. Ang ganti ng Panginoon sa kanyang kasalanan ay ang pagtawag sa kaniya bilang alagad at tagapamalita ng Magandang Balita sa mga hentil.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

Pinakamamahal ko, nagpapasalamat ako kay Kristo Hesus na ating Panginoon, na nagbibigay sa akin ng lakas para sa gawaing ito, sapagkat ako’y minarapat niya at hinirang na maging lingkod. Hinirang niya ako upang maglingkod sa kanya bagamat noong una’y nagsalita ako laban sa kanya. Bukod dito’y inusig ko siya’t nilait. Sa kabila nito’y kinahabagan ako ng Diyos sapagkat hindi ko nalalaman ang aking ginagawa noong hindi pa ako naniniwala sa kanya. Iginawad sa akin ng Panginoon ang kanyang masaganang pagpapala, kalakip ang pananampalataya at pag-ibig na nasa atin dahil sa pakikipag-isa kay Kristo Hesus.

Narito ang isang katotohanang dapat tanggapi’t paniwalaan ng lahat: si Kristo Hesus ay naparito sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan. At ako ang pinakamasama sa lahat. Ngunit kinahabagan ako ng Diyos upang sa nangyari sa akin ay ipakita ni Kristo Hesus kung gaano siya katiyaga, at maging halimbawa ito sa mga mananalig sa kanya at pagkakalooban ng buhay na walang hanggan.

Purihin at dakilain magpakailanman ang iisang Diyos, Haring walang hanggan, walang kamatayan, at di nakikita! Amen!

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *2 Cor 5:19*

B—Aleluya! Aleluya!

Pinagkasundo ni Kristo ang Diyos at mga tao; kaya’t napa-tawad tayo.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 15:1-10*
Ang buong ikalabinlimang

kabanatang ito ay tungkol sa dakilang awa at walang hanggang pag-ibig ng Diyos. Ang nawalang tupa at salaping pilak ay masipag na hinanap. Ang naglayas na anak ay inabangan ang pagbabalik. Ang saya ng Diyos ay nasa pag-kakatagpo sa mga nawala.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, ang mga publikano at ang mga makasalanan ay nagsisilapit upang makinig kay Hesus. Nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at ang mga eskriba. Ang sabi nila, “Ang taong ito’y nakikisalamuha sa mga makasalanan at nakikisalo sa kanila.” Kaya’t sinabi sa kanila ni Hesus ang talinghagang ito:

“Kung ang sinuman sa inyo ay may sandaang tupa, at mawala ang isa, ano ang gagawin niya? liwan ang siyamnapu’t siyam sa ilang at hahanapin ang nawawala hanggang sa matagpuan, hindi ba? Kapag nasumpungan na’y masaya niyang papasanin ito. Pagdating sa bahay, aanyayahan niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay. Sasabihin niya, ‘Makipagsaya kayo sa akin, sapagkat nasumpungan ko sa wakas ang tupa kong nawawala!’

Sinasabi ko sa inyo, magkakaroon ng higit na kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanan nagsisisi’t tumatalikod sa kanyang kasalanan kaysa siyamnapu’t siyam na matuwid na hindi nangangailang magsisisi.

O kaya, kung ang isang babae ay may sampung salaping pilak at mawala ang isa, ano ang gagawin niya? Sisindihan niya ang ilaw, wawalisang ang bahay at hahanaping mabuti hanggang sa masumpungan ito, hindi ba? Kapag nasumpungan na niya ito ay aanyayahan niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay. Sasabihin niya, ‘Makipagsaya kayo sa akin, sapagkat nasumpungan ko sa wakas ang nawala kong salaping pilak!’

Sinasabi ko sa inyo, gayon din ang kagalakan ng mga anghel ng Diyos dahil sa isang makasalanan nagsisi’t tumalikod sa kanyang kasalanan.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Tayong lahat ay tinatawag ng Diyos na magpasaya sa Kaniya. Ito ay magaganap kapag tayo ay nagbalik-loob sa Kaniya at nakapagpabalik-loob din ng iba. Ang ating sasambitin ay:

B—Diyos na maawain, dinggin Mo kami!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa awang ipinamamalas nila sa iba ay makaranas din sila ng dakilang awa at pag-ibig ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay lumago sila sa awa at pag-ibig para sa mga taong nakasakit sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang ang paghahatid nila ng katarungan sa lipunan ay lapatan nila ng awa at pag-ibig. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga taong malalim ang sugat sa puso, upang mahilom ito ng awa, pag-ibig, at pagpapatawad

na galing sa Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat sa pamilyanang ito, upang mapuspos tayo ng awa at pag-ibig na siyang magbubukas ng ating mga kalooban sa ating mga kapatid na nagkasala ngunit lubusang nagsisisi. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming bukal ng awa at pag-ibig, isugo Mo sa amin ang Banal na Espiritu upang sa pagmamahal at pagpapatawad na kanyang dala ay lumago kami sa pagiging mga alagad ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, maa-wain mong dinggin ang aming mga pithaya at paunlakan mo ang paghahaing aming inihanda upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo VIII

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Ang iyong mga supling na nagtaksil ay nagbabalik ngayon sa iyong paggiliw bunga ng malasakit ng Anak mong masunurin at ng Espiritung bigay upang lahat ay kupkupin. Kaming mga tinubos ng Anak mong mahal ay niloob mong magtipon at magkapisan

upang magsalo sa masaganang hapag ng buhay. Kaisa ng Anak mo at ng Espiritu Santo ang iyong sambayana'y nagpupuri sa iyo. Nagkakapisan ngayon ang bumubuo sa Katawan ni Kristo. Nagkakatipon ngayon ang pinanahanan ng iyong Espiritu.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Pag-ibig na iyong bigay ay hindi matutumbasan. Laging ikaw ang kanlungan ng iyong bayang hinirang na 'yong sinusubaybayan.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, ang aming kalooban nawa'y pagharian ng aming tinanggap na pakikinabang upang huwag ang diwa namin ang umiral kundi ang bunga ng pagdiriwang ang laging mamayani sa amin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.
B– At sumaiyo rin!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan at ibahagi sa inyong kapwa ang

pag-ibig at habag ng Diyos.
B–Salamat sa Diyos!



Munting Katesismo sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG LIHIM NG TUNAY NA KALIGAYAHAN

Panimula: Ano nga ba ang talagang magpapaligaya sa atin sa buhay? Liligaya ka ba kapag yumaman ka? Eh kung sumikat ka kaya? Baka naman ang ligaya mo ay makukuha kung manalo ka sa halalan at maging tunay na makapangyarihan? Saan ka ba huhugot ng tunay na saya sa buhay?

Pagpapalim: May mga taong hindi sumasaya sa mga makamundong bagay. Kaya ang yaman, kasikatan, o kapangyarihan ay hindi nila pinapansin. Para sa ilan, ang ligaya ay galing sa makabuluhang ugnayan sa mga tao. Maligaya sila kapag nagma-mahalan sila sa mag-anak o kung marami silang maituturing na tunay na kaibigan. May iba namang ang saya ay kinukuha sa pagsasabuhay ng kanilang mga simulain o sa pagtatamo ng kanilang matatayog na pangarap. Marahil ay matutulungan tayo ng halimbawa ng Diyos.

Pagbasa: Lucas 15:1-32.

Buod: May tatlong talinghang ikinuwento ang Panginoong Hesus tungkol sa dakilang awa at walang hanggang pag-ibig ng Diyos. Sa

una ay may nawalang tupa. Sa ikalawa ay may nawalang salaping pilak. Sa ikatlo ay may naglayas na anak. Kay saya ng pastol nang matagpuan ang nawawalang tupa pagkatapos ng mahabang paghahanap! Kay saya rin ng babae nang makita ang nawawalang salaping pilak pagkatapos walisan ang buong bahay! Kay ligaya ng ama noong umuwi na ang kanyang naglayas na anak! Ang kanilang kaligayahan ay ganoon na lamang na naghanda sila nang malaki at nag-anyaya ng maraming kaibigan.

Ang pastol at ang babae ay naging masaya dahil sa ang nawala ay natagpuan at nasuklian ang kanilang paghihirap. Ang ama ay naging maligaya sapagkat ang kanyang matagal nang hinahangad ay natupad – ang pagbabalik ng kanyang naglayas na anak. Ngunit naging maligaya rin siya dahil sa naibigay niya sa anak na ito ang kanyang walang pasubaling pagpapatawad.

Tunay na nakapagpapaligaya ang pagpapatawad. Una sa lahat, pinag-uugnay nito ang mga nagkasira at nagkahiwalay. Mag-ama na naman silang magkapiling!

Ikalawa, pinanunumbalik nito ang masayang nakalipas. Ang masayang pagsasama ng mag-ama sa tahanan ay naisauli!

Ikatlo, pinaghihilom ng pagpapatawad ang anumang sugat na nadala ng pagkakamali at pagkakasala. Ang sugat sa puso ng ama ay gumaling na at ito ay ipinadama rin niya sa kanyang naglayas na anak! Maari nang ibaon sa limot ang nangyari.

Pagsasabuhay: Ang taong hindi kayang magpatawad ay malungkot. Ang sugat sa kanyang puso ay laging sarwa. Kung minsan nga ito ay nagnanana at nagnanaknak pa. Ang taong nagpapatawad ay nakatutuklas ng lihim ng tunay na kaligayahan. At ang taong nagkakat ng pagpapatawad ay nagiging tagapagdala ng kaligayahan sa buhay ng iba.

Pagdiriwang: “Ama naming makapangyarihan, para Mo nang awang dinggin ang aming mga kahilingan at patawarin Mo ang mga inaamin naming nagawang kasalanan upang kami’y magkamit ng lyong patawad at kapayapaan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. Amen!”



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco, J. Feliciano • Circulation: R. Saldua